



## DEVELOPMENT AND VALIDATION OF AN ACHIEVEMENT TEST IN FILIPINO FOR TERTIARY LEVEL

**CORAZON M. MATAMMU**  
Cagayan State University, Andrews Campus

### Abstract

According to CHED Memorandum Order No. 54 series of 2007, the purpose of this study is to produce an achievement test in *Komunikasyon sa Akademikong Filipino* based on the Filipino 11 syllabus established by the department. The following specific issues are the focus of our investigation: 1) How difficult is the test? 2) How discriminating is the test? 3) How reliable is the test? 1. What is the difficulty index of the test? The interpretation of the difficulty index and the discrimination index as acceptance criteria or retention criterion for test questions was based on the suggestion of the researchers. In addition, the phases in test construction and preparation, as well as the ideas presented by Gronlund (2000), were taken into consideration when designing an achievement exam. The test that was established will be used to fully aid students in cultivating and developing their Filipino language skills in the future. The formulation and validation of the achievement test in *Komunikasyon sa Akademikong Filipino* were carried out using a descriptive design approach. Based on accepted criteria for evaluating the validity and reliability of a test, the accomplishment test is valid and reliable, and it is therefore suited for use with tertiary level students in this setting. The test is a useful instructional tool since it gauges the level of proficiency that students have achieved in the Filipino language.

**Key words:** Filipino, Achievement test, Validity, Reliability

## PAGBUO AT BALIDASYON NG PAGSUSULIT NA NATUTUHAN SA FILIPINO PARA SA ANTAS TERSARYA

**Abstrak.** Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang mabisang pagsusulit na natutuhan sa *Komunikasyon sa Akademikong Filipino* batay sa silabus ng Filipino 11 na itinakda ng CHED Memorandum Order no.54, serye 2007. Naging pokus sa pag-aaral na ito ang pagtuklas sa mga tiyak na suliraning: 1. Ano ang indeks ng kahirapan (*difficulty index*) ng pagsusulit?; 2. Ano ang indeks ng pagtatangi (*discrimination index*) ng pagsusulit?; at 3. Ano ang reliability ng pagsusulit? Ang mungkahi ni Ebel (1995) ang pinagbatayan sa pagpapakahulugan sa pagsusuri sa mga aytem batay sa indeks ng kahirapan at indeks ng pagtatangi bilang pamantayan sa pagtanggap o pagpapanatili ng mga aytem ng pagsusulit. Isinaalang-alang din sa pag-aaral na ito ang mga hakbang ni Ranon (1997) sa pagbuo at paghahanda ng pagsusulit at ang mga simulaing ibinigay ni Gronlund (2000) sa paggawa ng isang pagsusulit na natutuhan. Ang nabuong pagsusulit ay ganap na makatutulong sa mga mag-aaral upang higit na malinang at mapaunlad ang mga

kasanayan sa wikang Filipino. Ginamit ang disenyong deskriptibo sa pagbuo at pagbalideyt ng pagsusulit na natutuhan sa Filipino para sa mga mag-aaral sa antas tersarya. Ang nabuong pagsusulit na natutuhan sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino ay balid at *reliable* batay sa istandard na pamantayan sa pagsusuri ng baliditi at *reliability* ng pagsusulit kaya angkop gamitin para sa mga mag-aaral sa antas tersarya. Ang pagsusulit ay nagsisilbing isang mabisang kagamitang panturo na sumusukat sa mga natamong kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

**Susing Salita:** Pagsusulit na natutuhan, baliditi, *reliability*

## I. INTRODUKSYON

Maraming paraan ng pakikipagtalastasan ngunit pinakamabisa at pinakamahalaga ang wika sapagkat buong linaw na naipapahayag ng tao ang lahat ng kanyang nasa isip at nadarama. Pinauunlad ng tao ang wika at wika naman ang nagpapaunlad sa tao. Bawat bansa sa lahat ng bahagi ng daigdig ay may sariling wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan. Ang isang bansang malaya at maunlad ay may wikang maunlad at malaganap.

Lubhang mahalaga ang papel na ginagampanan ng wika sa isang bansa. Malaking tulong ito sa larangan ng edukasyon upang hubugin ang kabuuang pagkatao ng isang nilalang. Ito'y makatutulong din sa isang tao sa kanyang pakikisalamuha sa kanyang mga kapwa sa lipunang kanyang ginagalawan. Sa tulong ng wika, ang isang tao'y makapamumuhay nang maayos at maiaagpang niya ang kanyang sarili sa kanyang kapaligiran sa mabisang paggamit ng wika, magtatagumpay sa kanyang propesyon o hanapbuhay ang isang mamamayan.

Kaya bilang guro, kailangang malaman natin ang mga pangkalahatang katangian ng wika at masuri ang wikang itinuturo upang makagawa ng epektibong mga kagamitan at pamamaraan sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito ay matutugunan ang interes, kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral na magamit nang angkop at mabisa ang wika sa pakikipagtalastasan.

Sa partikular na pag-aaral, ang mananaliksik ay bubuo ng pagsusulit sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino na batay sa Commission on Higher Education (CHED) Memorandum Blg.54 seryeng 2007 batay pa rin sa CHED Memorandum Order Blg.59 seryeng 1996 at upang magamit bilang instrumento ng mga guro sa pagbibigay solusyon sa suliranin sa pagtuturo at pagkatuto ng wika.

Ang pagsusulit bilang isang paraan ng pagtataya sa kasanayan sa wika ay iniaayon sa layunin at pamamaraan ng pagtuturo. Ang pagsusulit ay isang paraan sa pagsukat sa natamong mga kaalaman o kasanayan ng mag-aaral sa panahon ng pagkakaklase. Ang resulta ng pagsusulit ay mapagbabatayan kung ang pamamaraan ng pagtuturo ay mabisa o hindi at upang masukat ang natamong kahusayan ng mga mag-aaral sa mga tiyak na layunin ng pag-aaral. Makatutulong ito sa mga guro upang higit na mapabuti ang mga estratehiya at mga gawain sa pagtamo ng mga layunin sa pagtuturo ng asignatura. Pinakamahalagang gantimpalang makakamtan ng guro sa pagtuturo ay ang kaalamang, ang mga mag-aaral ay may lubos na pagkaunawa sa paksang kanyang itinuro.

Ang pangangailangang ito ang nagtulak sa mananaliksik upang bumuo ng pagsusulit na natutuhan sa Filipino.

### **Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng isang mabisang pagsusulit na susukat sa mga natamong kasanayan sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino (Filipino 11) ng mga mag-aaral sa unang taon ng antas tersarya ng Cagayan State University Andrews Campus Tuguegarao City. Ang mga tiyak na suliranin ng pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang indeks ng kahirapan (difficulty index) ng pagsusulit?
2. Ano ang indeks ng pagtatangi (discrimination index) ng pagsusulit?
3. Ano ang reliability ng pagsusulit?

### **Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

**Pagkatuto at Pagtuturo ng Wika.** Sa bagong pananaw sa pagtuturo ng wika, nakatuong higit ang pansin sa paglinang ng kakayahang komunikatibo kaysa sa kabatiran tungkol sa wika. Ang mga kakayahang komunikatibo ay nauukol sa kakayahan sa aktwal na paggamit ng wika sa mga tiyak na pagkakataon. Sa pahayag na kakayahang komunikatibo ay kasama ang mahahalagang salik na pangkapaligiran at panlipunan. Sa paglinang ng kakayahan sa pakikipagtalastasan, kailangan ang kabatirang linggwistika gayon din ang mga dimensyong sosyokultural. Masasabing ang isang indibidwal ay may angking kakayahang komunikatibo kung sa kanyang mga pakikipagtalastasan ay isinaalang-alang niya ang kaangkupan ng sasabihin sa sitwasyon at nakapili siya ng angkop na estratehiya at estilo ng pagpapahayag.

Ipinakita ni Dell Hymes (nabanggit sa Retorika ni Arrogante 2008) sa binuo niyang akronim na SPEAKING kung ano ang kakayahang komunikatibo at ang mahahalagang salik na sosyokultural at iba't ibang sangkap na dapat isaalang-alang sa pagkakaroon ng epektibong pagpapahayag.

- S – Setting (saan ang lugar kung saan nag-uusap)
- P – Participants (sino-sino ang kausap)
- E – Ends (ano ang layunin ng pag-uusap)
- A – Act Sequences (paano ang takbo ng usapan)
- K – Keys (pormal ba o di-pormal ang pag-uusap)
- I – Instrumentalities (pasalita ba o di-pasalita)
- N – Norms (ano ang pinag-uusapan)
- G – Genres (nagsasalaysay, nakikipagtalo o nagmamamwid)

Ang kakayahang komunikatibo ay kakayahang umunawa at gumamit ng mga pananalitang angkop sa kalagayan, pangyayari at gawaing pampaligid at wasto sa mga aspektong pambalarila.

Niliwanag ni Chomsky (nabanggit sa Ang Guro at Ang Sining ng Pagtuturo ni Belvez 1991) ang pagkakaiba ng tinatawag na kahusayan (competence) at ng pagsasagawa (performance). Aniya'y ang kahusayan (competence) ay nauukol sa kaalaman sa wika ng isang tao, samantalang ang pagsasagawa (performance) ay ang kakayahang gamitin ang wika sa angkop na paggamitan.

Sina Higgs at Clifford (1992) ay nagsabi naman ng dalawang bagay na tumutukoy sa katuturan ng kahusayan sa wika na:

1. kung ano ang ipinahahayag niya; at
2. kung paano niya ito ipinahahayag.

Ang una ay ang paksa o laman ng kaisipan at ang tungkuling pangkomunikasyon na dapat isagawa at ang ikalawa naman ay tumutukoy sa kahusayan at katumpakan ng pagpapahayag nito.

Ang pagdulog komunikatibo ay batay sa paniniwalang ang kakayahang komunikatibo ay hindi lamang ang kaalaman sa wika, kundi ang kakayahan sa paggamit ng wika, ang makapagpahayag ng kaisipan sa pananalitang wasto sa aspektong pambalarila at angkop sa kalagayan, pangyayari, at gawaing pampaligid ng nagsasalita o ng nakikinig.

Nilalayon sa pagtuturo ng wika na malinang ang pangkalahatang kasanayan sa paggamit ng wika na makatutulong sa indibidwal para sa mabisa niyang pagpapahayag ng kaisipan, ang kasanayang umunawa sa mga salik na personal at sosyal na kaligiran sa pakikipagtalastasan.

Naniniwala ang mga eksperto sa wika na ang pagkakaroon ng pangkalahatang kahusayan sa paggamit ng wika ay magsisilbing mabisang kasangkapan hindi lamang sa epektibong komunikasyon-interaksyon at pakikipaghatirang-diwa kundi gayundin naman sa pag-aangkin ng mabisang kasangkapan sa pag-aaral at pagkatuto, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga sa wika at sa iba pang disiplina ng pag-aaral.

Nagbigay si Nunan (1991) ng limang katangian ng komunikatibong pagtuturo ng wika.

1. Binibigyang-diin ang kasanayan sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng interaksyon sa target na wika.
2. Gumagamit ng mga awtentikong teksto sa pagtuturo.
3. Nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na bigyang pokus hindi lamang ang wikang pinag-aaralan kundi pati na rin ang proseso sa pagkatuto nito.
4. Itinuturing ang mga personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang mahahalagang input sa pagkatuto.
5. Sinisikap na maiugnay ang mga pagkatuto sa loob ng klasrum sa mga gawaing pangwika sa labas ng klasrum.

Sang-ayon sa modelo nina Canale at Swain (1980), may apat na aspekto o elemento ng kahusayang komunikatibo (communicative competence). Para masabi na ang isang tao ay may kahusayang komunikatibo (communicative competence) sa isang wika, kailangang magtaglay siya ng:

1. kahusayang panggramatika o linguistic competence. Ito ay ang kakayahang umunawa at makabuo ng mga istruktura sa wika na sang-ayon sa mga tuntunin sa gramatika;
2. kahusayang pangsosyolingwistika o sociolinguistic competence. Ang isang taong nagtataglay nito ay nakakaunawa at nakakagamit ng kontekstong sosyal ng isang wika;
3. kahusayang pangdiskurso. Kakayahang bigyan ng interpretasyon ang isang makabuluhang kahulugan;
4. kakayahang pang-estratehiya. Pananalitang bukas ang usapan habang iniisip ang susunod na sasabihin.

Kung gayon, ang isang nagtuturo ng wika ay may karagdagang paraan upang maisaayos ang pagtuturo, gayon din ang pagtataya o testing ng isang nag-aaral ng wika.

**Mga Teorya sa Pagsusulit.** Ang ebalwasyon o pagtataya sa komunikatibong pagtuturo ng wika ay isinasagawa sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang uri ng pagsusulit. Ang pagsusulit ay maaaring pasulat o pasalita. Bagama't nasa panahon na tayo ng komunikatibong gamit ng wika hindi nangangahulugang wala ng bisa ang pagsusulit noong unang panahon. Ang pagsasalin, padikta, pagsulat ng komposisyon/buod ay mga uri ng pagsusulit na binibigyang pansin sa pagtuturo ng wika ngayon. Ginagamit pa rin ang objective test sa pagtataya ng kasanayang natamo ng isang mag-aaral. Isa sa napakaganda at mabisang uri ng pagsusulit sa wika ay ang cloze test at C-test.

Sa pagdulog integratibo, ipinalalagay na kapag ang isang tao ay nagtuturo ng wika, siya nasa proseso ng internalizing o pagsusuri ng sistemang panggramatika. Ito ay mula sa pananaw ng pagsusulit na integratibo (Oller: nabanggit sa unpublished dissertation ni Ranon 1997). Ang dapat na maging layunin ng pagsusulit ay mataya ang kahusayan ng nasuring gramatika. Ito ay nangangahulugang kailangang bigyan diin ng pagsusulit ang gramatika sa aktwal na paggamit ng wika. Kinikilala ni Oller ang pagsusulit na cloze, dictation, pagsulat ng sanaysay at oral na interbyu bilang mga uri ng pagsusulit na integratibo. Idagdag pa ang pagsusulit na error recognition. Samantala, inirekomenda naman ni Harris (nabanggit sa dissertation ni Ranon 1997) ang gawaing error recognition na may kombinasyon ng gawaing sentence-completion bilang balid na layunin na sumusukat sa kakayahan sa pagsulat.

Ayon ka Liwanag (1993), ang pagpili ng uri ng pagsusulit, mga tuntunin sa pagbubuo ng aytem na may pamimiliang sagot, paghahanda ng talahanayan ng ispesipikasyon at mga pagsusulit ng integratibo tulad ng error recognition ay sumusubok sa pangkalahatang kasanayan sa wika. Sa paghahanda ng pagsusulit na ito, iba't iba ang maaaring maging anyo ng istem.

Napag-alaman din ng mananaliksik ang iba't ibang maaaring maging anyo ng istem sa paghahanda ng pagsusulit sa pagtukoy ng mali:

1. Hinahati ang pangungusap sa apat na bahagi. Ang bawat bahagi ay may salungguhit at may nakasulat na titik sa ibaba.

2. Nilalagyan ng guhit ang pagitan ng mga bahagi ng pinaghating pangungusap.

3. Mga piling salita o parirala lamang na nasalungguhitan.

4. Ang mali sa pangungusap ay maaaring isang salita o bahagi ng salita na nawala.

5. Maaari ring magsama ang mga pangungusap na walang mali.

Ang pagsusulit na cloze ay halimbawa rin ng pagsusulit na integratibo. Ito ay sumusukat sa pangkalahatang kasanayan sa wika. Ang kaalaman sa kayarian ng wika o linggwistika, pag-uugnayan ng mga salita sa teksto at kabuuang pag-unawa ng mga mag-aaral ang sinusukat ng pagsusulit sa cloze.

Ang pagsusulit na cloze ay isang tekstong kinaltasan ng mga salita. Ang teksto ay maaaring kunin sa aralin o aklat. Maaari ring gumawa ang guro ng sariling sanaysay o kwento na angkop sa baitang o taon na tinuturuan.

Ang mga hakbang sa paggawa ng cloze ay ang sumusunod: Una, pumili ng tekstong akma sa mag-aaral. Ikalawa, pagpasiyahan ang pagkaltas ng salita kung tuwing ikalima, ikaanim o ikasampung

salita. Ikatlo, isulat ang mga panuto at maghanda ng halimbawa. Sa pagpili ng teksto iwasan ang sumusunod: (1) iyong makaaantig sa damdamin ng mag-aaral; (2) iyong tumatalakay sa mga paksang kontrobersyal tulad ng pulitika, relihiyon at mga suliraning pang-ekonomiya; (3) iyong maraming katawagangteknikal, mga bilang, petsa at pangalang pantangi.

Nagbigay si Madsen (1983) ng paliwanag tungkol sa pagbibigay ng iskor sa pagsusulit na cloze. Ayon sa kanya, may dalawang paraan ng pag-iiskor sa pagsusulit na cloze:

1. Bigyan lamang ng iskor o puntos ang nakakuha ng eksaktong salita mula sa kwento o talata; at

2. Bigyan din ng kaukulang puntos ang salitang malapit sa kahulugan ng tamang sagot.

Ayon kay Llamado (1996), ang mga simulain na dapat sundin sa paghahanda ng pagsusulit na may pamimiliang sagot ay gaya ng mga sumusunod.

1. Ang layunin ng istem ay mailahad ang suliranin ng aytem. Dapat maging maikli ngunit malinaw ang istem. Iwasan ang paggamit ng mga salitang maligoy.

2. Iwasan ang pag-ulit-ulit sa mga opsyon ng mga salitang maaaring ilagay sa istem.

3. Isulat ang istem sa anyong negatibo, tawagin ang pansin ng sasagot ng pagsusulit sa pagsalungguhit ng salitang negatibo at sa pagsulat nito sa malalaking titik.

4. Hanggang maaari, gawing halos magkasinghaba ang mga opsyon. Huwag gawing pinakamahaba o pinakamaikli ang wastong sagot.

5. Ang bawat distraktor ay dapat maging kaakit-akit sa mga sasagot ng pagsusulit na hindi nakakatiyak ng wastong sagot.

6. Hindi dapat maging mas mahirap ang mga distractor kaysa tamang sagot.

7. Hindi rin dapat mas madali ang mga distraktor kaysa tamang sagot.

8. Tiyaking isa lamang ang tamang sagot.

9. Dapat sukatin ang bawat aytem ang layunin ng kakayahang kinakatawan nito.

10. Iangkop ang talasalitaan at kayarian ng aytem sa antas ng mga sagot nito.

Sa pahayag naman ni Benito (1999), bago magsulat ng mga aytem sa pagsusulit ng mga natutunan ng mga mag-aaral, kailangang sagutin muna ang ilang mahahalagang katanungan:

1. Ano ang talagang dapat malaman ng aking mga mag-aaral?

2. Ano ang kakayahang dapat gawin ng aking mga mag-aaral upang maipakita na alam nila ito?

3. Papaano ko mabubuo ang mga aytem sa pagsukat ng kanilang mga natutunan ayon na rin sa naturang layuin?

Ayon kay Ebel (nabanggit sa tesis ni Edubalad 1995), ang mga katangian ng pagsusulit ay ang mga sumusunod:

1. Paano tantiyahin, ipaliwanag at paunlarin ang reliability ng pagsusulit?

2. Paano pagbutihin ang kalidad ng pagsusulit sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga aytem? At

3. Paano bumuo ng mga aytem ng pagsusulit na may pamimilian?

Ang pagsusulit ay kailangang may reliability para maging balid, subalit ang reliability ng isang pagsusulit ay hindi gumagarantiya sa baliditi nito. Ang pagsusuri sa aytem ay isang makabuluhang instrumento sa pagpapaunlad ng mga pagsusulit ng guro sa loob ng klasrum.

Binanggit naman ni Gronlund (2000), ang mga sumusunod na simulain ukol sa paggawa ng isang pagsusulit na natutunan:

1. Kailangang sukatin ng mga pagsusulit ang mga tiyak na kaalamang umaayon sa mga layuning pampagtuturo.

2. Kailangang sukatin ng mga pagsusulit ang mga mahahalagang bagay sa nilalaman ng mga aklat at mga paksang-aralin.
3. Kailangang magtaglay ang pagsusulit ng mga aytem na angkop at tiyak na susukat sa mga ninanasang kaalaman.
4. Kailangang iangkop ang pagsusulit sa inaasahang paggagamitan ng resulta o kinakalabasan nito.
5. Kailangang may reliability ang resulta o kinalabasan ng pagsusulit kaya dapat maging maingat sa pagsasagawa nito at gayon din sa pagpapakahulugan sa mga datos.

Nagbigay rin si Gronlund ng mga sumusunod na simulain sa pagbuo o pagsulat ng mga aytem ng pagsusulit hindi lamang sa kabuuan kundi pati na rin sa bawat bahagi:

1. May sapat na dami ng aytem para sa bawat layunin.
2. May sapat na kahirapan ang bawat aytem.
3. Maliwanag ang pahayag kung ano ang hinihingi ng aytem.
4. Maliwanag ang panuto.
5. Angkop sa sinusubok na kasanayan ang uri ng aytem.
6. May sapat na pang-akit ang mga distraktor.
7. Sa pagpili ng mga distraktor o jokers, tiyakin na ito ay sadyang mabuting panlanse at hindi naglalantad agad sa wastong sagot.
8. Tiyaking alinman sa mga opsyon ay angkop na idugtong sa istem.
9. Iwasan ang pagiging maligoy ng mga pangungusap sa istem.
10. Kailangang maging tiyak ang tanong. Ano talaga ang hinihinging sagot?
11. Iwasan ang pagkakaroon ng regular na pardon ng sagot.
12. Magkakaroon ng iba't ibang uri ng pagsusulit upang iwasan ang pagiging kabagot-bagot nito.

Ang taksonomi ni Bloom (1984) ay nagbibigay ng kapaki-pakinabang na istruktura kung paano makakategorya ang mga tanong pantalakayan at pampagsusulit. Narito ang paglalarawan sa taksonomi.

<b>Kompetens</b>	<b>Skills Demonstrated</b>	<b>Question Cues</b>
Kaalaman	-obserbasyon at pag-alala ng impormasyon -kaalaman sa petsa, pangyayari at lugar -kaalaman sa mga pangunahing ideya	Ilista... Bigyang-kahulugan... Sabihin... Ilarawan.. Tukuyin... Ipakita... Lagyan ng leybel... Itabyuleyt... Ano... Sino... Kailan... Saan
Komprehensyon	-pag-unawa sa impormasyon - pag-unawa sa kahulugan - pagsasalin ng kaalaman sa bagong konteksto - pag-i-interpret ng mga facts, paghahambing at pagkokontrast - pag-aayos, pagpapangkat,	Ibuod... Ilarawan... I-interpret Ihambing at ikontrast... Hulaan... Hinuhain... Iugnay Iestimeyt... Talakayin...

	paghihinuha ng sanhi -paghuhula ng kalalabasan	
Aplikasyon	-paggamit ng impormasyon -paggamit ng mga metodo, Konsepto,teorya sa mga bagong sitwasyon -nalulutas ang mga suliranin gamit ang mga kakayahan at kaalaman	Iaplay...Idemonstreyt... Kumpletuhin...Ilustreyt... Lutasin...I-modify... Baguhin...Iklasipay... Mag-eksperimento... Tuklasin...
Analisis	-pagtuklas sa mga patern -organisasyon ng mga bahagi -rekognisyon ng mga nakatagong kahulugan -pagtukoy sa mga komponent	Suriin...Ihiwalay... Pag-ugnay-ugnayin... Hatiin...Piliin...
Sintesis	-paggamit ng dating kaalaman Sa paglikha ng mga bagong kaalaman -pagbuo ng paglalahat mula sa mga ibinigay na tala -pagbuo ng kongklusyon	Ikombayn...Integreyt... Planuhin...Lumikha... Magdisenyo...Mag-imbento... Paano kaya kung... Mag-formulate...Anong paglalahat/kongklusyon... Isintesays...Isulat muli...
Ebalwasyon	-paghahambing at pagdidiskrimineyt ng mga ideya -pag-aases ng halaga ng mga teorya, presentasyon -pagpili ng mga choices batay sa makatwirang argumento -pagbeberipay ng halaga sa evidensya -pagkilala sa subjectivity	Iases...Pagpasyahan... Magpasya...Iranggo... Markahan...Subukin... Sukatin...Magmungkahi... Kumbinsihin...Husgahan... Idiskrimineyt...Suportahan...

Si Agner (1981) ay nagsagawa ng pag-aaral na naglalayong bumuo ng language proficiency test sa Pilipino para sa mga magtatapos ng elementarya. Bumuo siya ng 221time test na ginagamit ang integrated psychosociolinguistic theory ng pagtuturo at pagsusulit sa wika. Ang pagsusulit ay hinati sa dalawang bahagi: ang unang bahagi ay ang pakikinig at pagsasalita, at ang ikalawang bahagi ay ang pagbasa at pagsulat.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Agner sa kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa naglalayong masukat ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa wika. Nagkaiba lamang sa layunin ng pagsusulit at sa antas ng pinaglalaanan nito.



Samantala, si Conan (1985) naman ay bumuo ng proficiency test sa Ingles para sa mga mag-aaral ng sekondarya. Ang pagsusulit na kanyang binuo ay kombinasyon ng discrete point at ang uring integratibong mga pagsusulit. Ang battery test ay binubuo ng mga sumusunod na subtest: Pagsusulit na oral proficiency at pagsusulit sa pagsulat.

May pagkakahawig ang isinagawang pag-aaral ni Conan sa kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa ibinatay ang pagbuo ng pagsusulit sa integratibong pagdulog. Kapwa rin sumusubok sa kakayahan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsulat. Nagkaiba lamang sa antas na pinaglalaanan ng pagsusulit at sa wikang ginamit.

Si Barit (1991) ay nagsagawa ng pag-aaral na naglalayong bumuo at magbalideyt ng “Affective Behavior Scale” para sa mga guro sa Elementarya sa mga antas na pagtanggap, pagtugon, pagpapahalaga, pagbuo at karakterisasyon. Ang binuong instrumento ay binuo ng apatnapung mga aytem na pawang sitwasyunal.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Barit sa kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa bumuo at nagbalideyt ng instrumentong ginamit sa pag-aaral, ang kaibahan nga lamang ay ang gumamit ng nabuong instrumento at ang uri ng instrumentong binuo.

Si Edubalad (1995) ay nagsagawa ng isang pag-aaral tungkol sa balidasyon ng pagsusulit na natutuhan sa Communication Arts in English para sa kolehiyo ng Edukasyon ng Saint Paul University Tuguegarao. Ang layunin ng pag-aaral ay mataya ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kasanayang panggramatika. Ginamit sa pamamaraan ng pag-aaral ang mga hakbang sa pagbuo ng pasusulit na natutunan.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Edubalad sa kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa ginamit ang pagsusulit sa antas ng tersyarya at pareho rin sa layunin ng pagsusulit, ang pagsusulit ng natutunan. Nagkaiba lamang sa mga kasanayang tinataya at sa wikang ginamit.

Ang pag-aaral na isinagawa naman ni Ranon (1997) ay tungkol sa proficiency test sa Ingles ng mga mag-aaral sa unang taon sa antas tersyarya. Ang pagsusulit ay binubuo ng apat na kategorya ng kaalaman: kaalaman sa mga tuntuning mekanikal ng wika; sistema ng kahulugan ng wika; kaangkupan ng mga kalagayan (settings) at kaugnayan (relationship); at pasalitang paggamit ng wika (oral language performance). Nakabuo at nakapagbalideyt ng 160 aytem na pagsusulit sa Ingles para sa unang taon sa antas tersyarya.

Ang pagkakahawig ng pag-aaral ni Ranon sa kasalukuyang pag-aaral ay kapwa ito para sa unang taon sa antas ng tersyarya at pareho rin sa layuning makabuo at makapagbalideyt ng pagsusulit. Nagkaiba lamang ito sa wikang ginamit.

Si Rodriguez (1997) ay nagsagawa ng pag-aaral ukol sa Pagbuo at Balidasyon ng Kagamitan sa Pansariling Pagtataya upang masukat ang komunikatibong kakayahang pangwika na ang pangunahing layunin ay makabuo ng isang mabisa (valid) at may mapanghahawakang (reliable) instrumento na susukat sa komunikatibong kakayahang pangwika ng mga mag-aaral.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Rodriguez sa kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa ibinatay ang nabuong instrumento sa komunikatibong kakayahang pangwika. Nagkaiba lamang ito sa nilalaman o layunin ng instrumentong binuo.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni Mayor (2011) na nauukol sa Ito ang itinanim, ano ang inani: Isang Paggalugad sa mga tiyak na Kasanayang Natamo ng mga Mag-aaral ng Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Layunin ng pag-aaral na tuklasin ang mga naging bisa sa mga mag-aaral ng Filipino ng kanilang mga natutunan mula sa mga klase nila sa Filipino. Sa pag-aaral na ito ay kinapanayam ang ilang mga piling mag-aaral mula sa iba't ibang kolehiyo. Ang paksa ng panayam ay nakasentro sa tanong na: Ano-ano ang mga tiyak na leksyon/kasanayan/gawi na natutuhan mula sa kurso sa Filipino 1 ang tumimo sa kanilang isipan at nagagamit sa kasalukuyan. At alin sa mga kasanayang natamo sa Filipino 1 ang nagagamit nila sa kanilang sumunod na mga kurso sa kolehiyo.

Ang pagkakahawig ng pag-aaral ni Mayor sa kasalukuyang pag-aaral ay kapwa nakatuon sa kasanayang natutuhan ng mga mag-aaral sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Nagkaiba lamang sa paraan kung paano gagalugarin ang mga tiyak na kasanayang natamo ng mga mag-aaral sa Filipino 1.

Ang pag-aaral ni Depayso (2012) na nauukol sa Sining ng Pagtatanong sa Pagsusulit sa Wika ng mga Guro sa Saint Louis University ay isinagawa sa hangaring matukoy at masuri ang sining pagtatanong sa pagsusulit sa wika ng mga guro sa Saint Louis University; masuri ang digri ng pagkagamit ng mga uri ng tanong at ang kaugnayan ng mga uri ng tanong sa mga baryabol na natapos na digri at bilang ng taon sa pagtuturo ng mga guro.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Depayso sa kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa nakatuon sa pagsusulit sa wika. Nagkaiba sa paraan ng pagsusuri dahil ang kasalukuyang pag-aaral ay susuriin ang bawat aytem samantalang ang pag-aaral ni Depayso ay susuriin ang sining ng pagtatanong sa pagsusulit sa wika.

Si Pungtilan (2012) ay nagsagawa ng pag-aaral ukol sa Mga Kagamitang Panturo sa Paglinang ng mga Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat na ang pangunahing layunin ay makabuo ng mga kagamitang panturo na lilinang sa mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino 2. Naging pokus sa pag-aaral na ito ang pagtuklas sa mga kasanayang dapat linangin sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa kolehiyo at matukoy ang mga kagamitang panturo na maaaring mabuo batay sa perspektiba ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral ni Pungtilan ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa naging pokus sa pag-aaral ang pagtuklas sa mga kasanayang dapat linangin sa mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino sa kolehiyo.

Samantalang sa pag-aaral naman na isinagawa ni Tabec (2012) na nauukol sa Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Kursong Edukasyon sa Saint Louis University ay may layuning matukoy ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral

sa unang taon ng kursong Edukasyon sa Saint Louis University; matukoy ang antas ng kalinawan ng mga pangungusap na may kamalian ayon sa pagtataya ng mga guro sa Filipino at masuri ang kaugnayan ng unang wika, kasarian, at eksposyur sa midya ng mga mag-aaral sa kanilang kamalian sa pagsulat.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Tabec sa kasalukuyang pag-aaral dahil kapwa nakatuon sa kasanayan sa wika, ang pag-aaral ni Tabec ay nakatuon lamang sa kasanayan sa pagsulat samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa mga kasanayan sa pakikinig at pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

## II. METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik.** Upang mabuo at malikom ang mga datos na kinakailangan sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang disenyong paglalahad, paglalarawan, pagsusuri at pagpapaliwanag ng mga datos.

**Lugar ng Pag-aaral.** Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Cagayan State University Andrews Campus. Isang pampublikong unibersidad sa syudad ng Tuguegarao.

**Mga Kalahok sa Pag-aaral.** Ang nabuong pagsusulit ay ibinigay sa dalawang daan tatlumpu't dalawang (232) mga mag-aaral na kinuha sa pamamagitan ng random sampling gamit ang pormulang Slovin. Ang mga mag-aaral ay nasa unang taon ng antas tersarya at naka-enrol sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino (Filipino 11) sa kursong *Teacher Education*.

### **Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang mga sumusunod na hakbang ay isinagawa ng mananaliksik sa paghahanda ng pagsusulit.

Upang maging maayos ang pagsusulit at masukat nito nang buong katapatan ang mga kasanayan at kaalamang nais sukatin, kailangan ang maayos na pagpapalano at paghahanda ng pagsusulit:

1. Tukuyin ang mga kakayahang na susukatin ng pagsusulit.
2. Itala ang mga layuning pangkagawian (*behavioral objectives*) batay sa mga kasanayan at kakayahang susukatin.
3. Ihanda ang talahanayan ng ispesipikasyon. Makikita sa talahanayan ang kabuuang saklaw ng pagsusulit.
4. Pagpasyahan ang mga uri ng pagsusulit na gagamitin.

### **Pagbuo ng Talahanayan ng Ispesipikasyon**

Isang pangangailangan sa pagbuo ng pagsusulit ang paghahanda ng Talahanayan ng Ispesipikasyon upang makuha ang tamang nilalaman at mga kasanayang kailangang tayain sa mga mag-aaral.

Ito ay magsisilbing gabay ng guro sa paghahanda at pagbuo ng mga aytem ng pagsusulit. Makatutulong ang silabus sa Filipino 11 na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignatura sa antas tersarya bilang pamantayan sa pagsasaalang-alang sa mga nilalaman at mga tiyak na layunin ng asignatura. Nilalayon nitong maiangat at mapabuti ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-

aaral sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain sa loob at labas ng paaralan at higit sa lahat ay epektibong magamit ang wikang Filipino sa pakikipagtalastasan sa iba't ibang sitwasyon saan mang larangan.

Ipinasuri ng mananaliksik ang mga nilalaman at mga tiyak na kasanayang naitala sa Talahanayan ng Ispesipikasyon at ang mga uri ng pagsusulit na ginamit sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya at sa kanyang tagapayo upang magbigay ng mga puna at mungkahing sa nabuong talahanayan bago isinagawa ang aktwal na pagsulat ng mga aytem ng pagsusulit.

### **Pagbuo ng Pagsusulit**

Pagkatapos mabuo ang talahanayan ng ispesipikasyon ay handa na ang mananaliksik sa pagsulat ng mga aytem ng pagsusulit.

Binanggit ni Gronlund (2000), ang mga sumusunod na simulain ukol sa paggawa ng isang pagsusulit na natutunan:

1. Kailangang sukatin ng mga pagsusulit ang mga tiyak na kaalamang umaayon sa mga layuning pampagtuturo.
2. Kailangang sukatin ng mga pagsusulit ang mga mahahalagang bagay sa nilalaman ng mga aklat at mga paksang-aralin.
3. Kailangang magtaglay ang pagsusulit ng mga aytem na angkop at tiyak na susukat sa mga ninanasang kaalaman.
4. Kailangang iangkop ang pagsusulit sa inaasahang paggagamitan ng resulta o kinakalabasan nito.
5. Kailangang may reliability ang resulta o kinalabasan ng pagsusulit kaya dapat maging maingat sa pagsasagawa nito at gayon din sa pagpapakahulugan sa mga datos.

Ang mga sumusunod na simulain na ibinigay rin ni Gronlund (2000) sa pagbuo o pagsulat ng mga aytem ng pagsusulit hindi lamang sa kabuuan kundi pati na rin sa bawat bahagi ay isinaalang-alang:

1. May sapat na dami ng aytem para sa bawat layunin.
2. May sapat na kahirapan ang bawat aytem.
3. Maliwanag ang pahayag kung ano ang hinihingi ng aytem.
4. Maliwanag ang panuto.
5. Angkop sa sinusubok na kasanayan ang uri ng aytem.
6. May sapat na pang-akit ang mga distraktor.
7. Sa pagpili ng mga distraktor o jokers, tiyakin na ito ay sadyang mabuting panlanse at hindi naglalantad agad sa wastong sagot.
8. Tiyaking alinman sa mga opsyon ay angkop na idugtong sa istem.
9. Iwasan ang pagiging maligoy ng mga pangungusap sa istem.
10. Kailangang maging tiyak ang tanong. Ano talaga ang hinihinging sagot?
11. Iwasan ang pagkakaroon ng regular na padron ng sagot.
12. Magkakaroon ng iba't ibang uri ng pagsusulit upang iwasan ang pagiging kabagot-bagot nito.

## **Pagpili at Pagsulat ng mga aytem ng Pagsusulit**

Ang mga sumusunod na hakbang sa pagsulat ng mga aytem ng pagsusulit ay isinaalang-alang.

Binasang muli ang mga sanggunian sa Filipino 11 upang makakuha ng iba't ibang lawak ng susulating mga aytem ng pagsusulit. Muling pinag-aralan ang ilan sa mga pagsusulit na inihanda noon ng mananaliksik at ng iba pang mga guro sa Filipino 11 para mapagkunan ng mabubuting aytem sa inihandang Talahanayan ng Ispesipikasyon.

Inayos ang mga aytem ng pagsusulit. Pinagsama-sama ang mga aytem na magkakaauri.

## **Pagsusuri sa nabuong pagsusulit**

Ipinasuri ang nabuong pagsusulit sa mga gurong matagal nang nagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya upang magbigay puna at mungkahi sa nabuong pagsusulit bago aktwal na ibigay sa mga mag-aaral. Ang mga sumusunod na tanong sa pagsusuri ng mga aytem ay isinaalang-alang:

1. Sinusubok ba ng bawat aytem ang isang tiyak na kasanayang kasama sa talahanayan ng ispesipikasyon?
2. Akma ba sa sinusubok na kasanayan ang bawat uri ng aytem sa pagsusulit?
3. Maliwanag bang nakasaad ang hinihingi ng bawat aytem?
4. Wala bang mga di-kailangang salita o pahiwatig ang aytem?
5. May sapat bang antas ng kahirapan ang aytem para sa mga kukuha ng pagsusulit?
6. Ang mga distraktor o joker ba ay sadyang mabuti at maayos ang pagkakabalanse at hindi magtutunton sa wastong sagot?
7. May sapat na dami ba ang aytem para sa bawat layunin o kasanayan sa talahanayan ng ispesipikasyon?
8. Hindi ba kakikitaan ng regular na padron ang paghahanay ng mga wastong sagot?

**Pagsubok sa Pagsusulit.** Ibinigay ang unang pagsubok sa ibang pangkat ng mga mag-aaral. Ang pagsubok ay isinagawa upang masuri ang mga aytem ng pagsusulit. Sa pamamagitan nito, makikilala ang mga aytem na mahina, mabuti at mga aytem na dapat baguhin o palitan. Magbibigay ng hiwalay na sagutang papel ang mananaliksik na may nakalaang bilang na naaayon sa bilang ng mga aytem sa pagsusulit.

## **Pagsusuri sa mga Aytem ng Pagsusulit**

Sinuri ang mga aytem ng pagsusulit upang matukoy ang mga mabuti at mahinang aytem. Sa pamamagitan nito ay makagagawa ng rebisyon ang mananaliksik sa mga aytem ng pagsusulit.

Sa pagsusuri ng mga aytem ng pagsusulit ay isinaalang-alang ang mga sumusunod na hakbang (Ebel 1995):

1. Iayos ang mga papel mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa ayon sa kabuuang iskor.
2. Ihiwalay ang mataas na 27% at ang mababang 27%.

3. Itala sa indeks kard ang kasagutan ng bawat aytem sa mababang 27% at sa mataas na 27%.

4. Pagsamahin ang bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng tamang sagot ng mataas na 27% at ang mababang 27%. Paghatiin ito sa bilang ng mga mag-aaral sa upper at lower upang makakuha ang indeks ng kahirapan ng bawat aytem.

$$Df = \frac{Pu + Pl}{2}$$

5. Ibawas ang bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng tamang sagot na mababang 27% mula sa bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng tamang sagot ng mataas na 27%. Paghatiin ang mga kinalabasan sa bilang ng mga mag-aaral sa upper at lower upang makuha ang indeks ng pagtatangi ng bawat aytem.  $Ds = Pu - Pl$

Kailangan ang mga hakbang na ito upang matiyak ang mga sumusunod:

1. Ang kahirapan ng aytem. Ipinakita nito kung gaano kahirap o kadali ang isang aytem.
2. Ang kakayahan sa pagtatangi ng bawat aytem upang mapagbukod ang mahusay sa mahinang mag-aaral.

Ginamit ang mga mungkahi ni Ebel (nabanggit sa tesis ni Edubalad 1995) sa pagsusuri ng indeks ng pagtatangi ng bawat aytem.

Indeks ng Pagtatangi	Interpretasyon
.40 -- .49 pataas	Pinakamabuting aytem
.30 -- .39	Mabuting aytem
.20 -- .29	Katamtaman ang aytem, subalit kailangan pang baguhin
.19 pababa	Mahinang aytem, baguhin o alisin

Ang desirable range para sa kahirapan ng aytem ay mula sa pagitan ng .30 - .70, ito ang unang napipili para sa indeks ng pagtatangi subalit kung mas mababa rito ay kailangang pagpasyahan ang pagpapalit o pagbabago ng ilang aytem.

### **Pamantayan sa Pagtanggap o Pagpapanatili sa mga Aytem ng Pagsusulit**

Ginamit ang pagpapakahulugan sa mga aytem ng pagsusulit batay sa indeks ng kahirapan at indeks ng pagtatangi ayon kay Ebel.

Indeks ng Kahirapan (Difficulty Index)

.75 pataas --- madali

.25--.75 --- katamtaman

.25 pababa --- napakahirap

Indeks ng Pagtatangi (Discrimination Index)

.40 pataas --- mataas

.20--.39 --- katamtaman

.01--.19 --- mababa

Negatibo hanggang zero --- walang pagtatangi

Ayon kay Ebel ang mga aytem ay maaaring:

Mabuti----- kung ang aytem ay mas mataas na indeks ng pagtatangi at ang indeks ng kahirapan ay isasama o hindi aalisin.

Katamtaman----- kung ang aytem ay may katamtamang indeks ng pagtatangi at ang indeks ng kahirapan ay katamtaman din o mas mataas pa o mas mababa ay maaaring isama subalit kailangang baguhin o rebisahin.

Mahina----- kung ang aytem ay may napakababang indeks ng pagtatangi at ang indeks ng kahirapan ay ganoon din,ang aytem ay kailangang alisin o tanggalin.

**Pagrerebisa ng Pagsusulit.** May mga aytem na kailangang baguhin at alisin batay sa naging resulta ng pagsusuring ginawa sa unang pagsubok at sa panghuling pagsusulit na ibinigay sa pagtatapos ng semestre.

### **Pagtukoy sa Reliability ng Pagsusulit**

Tinukoy ang reliability ng ginawang pagsusulit sa pamamagitan ng pormulang Kuder-Richardson 21.

$$KR_{21} = \left[ \frac{K}{K-1} \right] \left[ 1 - \frac{\bar{X}(K-\bar{X})}{KS^2} \right]$$

na ang:

K = bilang ng mga aytem ng pagsusulit

$\bar{X}$  = mean

$S^2$  = variance

Ang reliability ng pagsusulit ay tumutukoy sa konsistensi ng mga iskor sa pagsusulit. Upang tukuyin kung reliable ang nabuong pagsusulit, kailangang ang computed value ay hindi bababa sa 0.70 reliability coefficient (Gronlund at Linn 2000).

### **III.PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS**

Batay sa ginawang pagsusuri sa mga aytem ng pagsusulit, sa Test I na may dalawampu't siyam (29) na aytem ay labindalawang (12) aytem ang may *difficulty level* na napakadali, sampung (10) aytem ang katamtaman ang kahirapan at pito (7) sa mga aytem ay madali. Samantalang sa *discrimination level*, may labindalawang aytem (12) ang may mataas na *discrimination index*, sampu (10) ang nakakuha ng katamtaman, anim (6) ang may mababang *discrimination index* at isa

(1) ang aytem na walang *discrimination index*. Sa mga kasanayan sa pakikinig at pagsasalita, may limang (5) aytem ang nakakuha ng *difficulty level* na napakadali, lima (5) naman ang katamtaman ang *difficulty level* at tatlo (3) ang aytem na madali. Sa *discrimination level*, anim (6) ang aytem na may *discrimination index* na mababa, anim (6) ang katamtaman at isa (1) ang aytem na may mataas na *discrimination index*. Ang *difficulty level* sa kasanayan sa pagbasa ay sampung (10) aytem ang nasa katamtaman, apat (4) ang napakadaling aytem, tatlo (3) ang madali at isa (1) ang aytem na may na napakahirap. Sa *discrimination level* ay labing-apat (14) ang mga aytem na nasa mababa, *difficulty level* dalawa (2) ang nasa katamtaman, at dalawa (2) rin ang aytem na walang *discrimination index*.

Ipinapakita sa talahanayan blg.1 ang buod ng ginawang pagsusuri sa mga aytem ng pagsusulit.

**Talahanayan blg.1 Buod ng resulta ng pagsusuri sa mga aytem ng pagsusulit**

Nilalaman	Bilang ng mga binagong aytem	Bilang ng mga inalis na aytem	Bilang ng mga nanatiling aytem	Kabuuan
1.Katangian ng wika	3			3
2.Filipino bilang wikang pambansa	3	1		4
3.Ortograpiyang Filipino		1	2	3
4.Estruktura ng wikang Filipino	13	1	5	19
5.Pakikinig	4	3	1	8
6.Pagsasalita	3		2	5
7.Pagbasa	14	4		18
<b>Kabuuan</b>	<b>40</b>	<b>10</b>	<b>10</b>	<b>60</b>

Makikita sa talahanayan blg. 1 na tatlo (3) ang binagong mga aytem sa paksang katangian ng wika; tatlo (3) ring mga aytem sa Filipino bilang wikang pambansa at isa (1) ang inalis na aytem;sa paksang ortograpiyang Filipino ay may isang(1) aytem na inalis at dalawa (2) sa mga ito ang



nanatili. Labintalong (13) aytem ang binago sa estruktura ng wikang Filipino, isa (1) ang inalis at lima (5) ang mga aytem na nanatili. Tatlong (3) aytem ang inalis sa kasanayan sa pakikinig; isa (1) ang nanatili at apat ang kailangang rebisahin. Sa kasanayan sa pagsasalita, partikular sa pagtukoy ng mali ay dalawang (2) aytem ang nanatili at tatlo (3) ang kailangang rebisahin o baguhin. Sa kasanayan sa pagbasa, apat (4) na aytem ang inalis at labing-apat (14) ang mga aytem na kailangang baguhin.

Sa kabuuan, may apatnapung (40) mga aytem ang binago, sampu (10) ang inalis, at sampu (10) rin ang mga nanatiling aytem.

Batay sa naging resulta ng isinagawang pagsusuri sa mga aytem ng pagsusulit, may mga aytem na binago o nirebisa at may mga aytem na nanatili at inalis.

Narito ang halimbawa ng ginawang pagrerebisa sa mga aytem ng pagsusulit.  
Sa pagbibigay ng kasingkahulugan ng mga salitang nasalungguhitan sa pangungusap:

Ilang daang taon din tayong naging duhagi sa mga kamay ng mga dayuhan.  
A. bahagi      B. sawi      C. sunud-sunuran      D. alipin

**Pinabuti:** A. bahagi      B. mapagkunwari      C. sunud-sunuran      D. alipin

May mga pagkakataong kailangang baguhin ang mga pamimilian o opsyon dahil sa walang mag-aaral ang pumili sa opsyon B batay sa naging resulta ng isinagawang pagsusuri ng mga aytem ng pagsusulit.

Inayos sa paraang kronolohikal ang mga opsyon.

Ang Tagalog ay tinukoy na Pilipino noong \_\_\_\_\_.  
A. 1959      B. 1945      C. 1955      D. 1950

**Pinabuti:** A. 1945      B. 1950      C. 1955      D. 1959

Ginawang magkakasinghaba ang mga opsyon.

Alin sa mga sumusunod na salita ang naiiba sa bigkas  
A. Dalaga      B. Sila      C. Kami      D. Ako

**Pinabuti:** A. Tayo      B. Sila      C. Kami      D. Ako

Sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga opsyon ay maiiwasan ang pagbibigay ng padron o patern ng mga sagot sa mga mag-aaral.

### **Pagtukoy sa Reliability ng Pagsusulit**

Ginamit ng mananaliksik ang pormulang Kuder-Richardson 21 sa pagtukoy sa *reliability* ng pagsusulit. Ang *reliability* ng pagsusulit ay isinagawa upang tukuyin ang internal konsistensi ng mga iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit.

Ipinapakita sa talahanayan blg.2 ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit.

**Talahanayan blg.2 Iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit**

Iskor	Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng iskor	Iskor	Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng iskor	Kabuuang bilang ng mga mag-aaral na kumuha ng pagsusulit
59	1	38	12	
57	1	37	18	
54	3	36	11	
53	2	35	8	
52	3	34	12	
51	3	33	10	
50	2	32	15	
49	6	31	8	
48	3	30	8	
47	3	29	5	
46	4	28	2	
45	6	27	7	
44	6	26	6	
43	9	25	4	
42	12	24	3	
41	15	23	1	

40	14	22	2	
39	6	20	1	
<b>Kabuuan</b>	<b>99</b>		<b>133</b>	<b>232</b>

Ipinapakita sa talahanayan ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit. Gamit ang pormulang Kuder-Richardson 21 upang tukuyin ang internal konsistensi ng mga iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit, ang *computed variance* na **91.58** at ang *mean score* na **35.06** sa bilang ng mga aytem na walompu (80), ang kinalabasan, ang *computed reliability coefficient* ay **0.79**. Ito ay nangangahulugang ang mga iskor ng mga mag-aaral ay hindi magkakalayo kaya ang pagsusulit ay reliable.

Upang matukoy kung *reliable* ang pagsusulit, kailangang ang *reliability coefficient* ay may *computed value* na hindi bababa sa **0.70** (Gronlund at Linn 2000).

#### IV.KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

##### Kongklusyon

Batay sa natuklasan sa pag-aaral, ang nabuong pagsusulit na natutuhan sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino ay balid at *reliable* batay sa istandard na pamantayan sa pagsusuri ng baliditi at *reliability* ng pagsusulit kaya angkop gamitin para sa mga mag-aaral sa antas tersarya. Ang pagsusulit ay nagsisilbing isang mabisang kagamitang panturo na sumusukat sa mga natamong kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

##### Rekomendasyon

1. Iminumungkahing ang nabuong pagsusulit na natutunan sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino ay ibigay bilang panghuling pagsusulit sa pagtatapos ng semestre.
2. Ang nabuong pagsusulit ay maaaring gamitin bilang *diagnostic test*. Ito ay kadalasang ibinibigay bago magsimula ang pormal na pagkklase at ang kinalabasan ng pagsusulit ay magagamit upang matukoy ang mga kasanayang kailangan pang linangin sa mga mag-aaral.
3. Iminumungkahing ang nabuong pagsusulit ay gamitin bilang isa sa mga bahagi ng Comprehensive review para sa mga mag-aaral ng Teacher Education na nasa ikaapat na taon sa antas tersarya bilang paghahanda sa Licensure Examination for Teachers.
4. Iminumungkahing magsagawa ng mga kaugnay na pananaliksik sa iba pang asignatura sa Filipino upang maipagpatuloy ang mga kasanayang nilinang sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino.



5. Ang mga aytem sa nabuong pagsusulit na natutunan ay iminumungkahing ilagay sa item bank upang magamit sa mga susunod na pagsusulit sa ibang panuruan.

## **Mga Sanggunian**

### **Mga Aklat**

Austero, Cecilia S. et.al,(1999). Filipino sa Iba't Ibang Disiplina. Mutya Publishing House, Inc. Malabon City

Austero, Cecilia S. et.al,(2010). Komunikasyon sa Akademikong Filipino (Binagong Edisyon).UNLAD Publishing House, Pasig City

Bernales, Rolando A. et.al,(2008). Mabisang Komunikasyon sa Wikang Pang-Akademiko. Mutya Publishing House, Inc. Malabon City

Bernales, Rolando A. at PATrocino V. Villafuerte. (2008). Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Mutya Publishing House, Inc. Malabon City

Brown, Douglas H., (1990).Principles of Language Learning and Teaching. Prentice-Hall, Inc., Englewood Cliffs, New Jersey.

Cohen, Andrew D.,(1980).Testing Language Ability in the Classroom. The Hebrew University of Jerusalem

Gronlund, Norman E.at Robert L.Linn,(2000).Measurement and Evaluation in Teaching 8<sup>th</sup> Edition.New York:Mc Millan Publishing Company.

Madsen, Harold S., (1983).Techniques in Testing.Oxford University Press.

Manera, Alma B. at Michelle A. Medina (2011). Komunikasyon sa Akademikong Filipino.TCS-Publishing House.Plaridel, Bulacan.

Sauco, Consolacion P. et.al,(1998). Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina.Katha Publishing Co., Inc. Quezon City.

### **Mga Dyornal**



Liwanag, Lydia B. Paghahanda ng Pagsusulit sa Filipino, *Educators' Journal*, Vol. XII, Blg. 9. Pebrero 1993, Phoenix Publishing House, Inc.

Llamado, Librada C. Ang Paghahanda ng Pagsusulit, *Hasik*, Vol. I, Blg. 1. Mayo 1996, pahina 30-34

Otaner, Fe T. Mga Batayang Teorya sa Wika, *Sangguni*, Vol. XI, Blg. 1. 1990, pahina 1-12

### **Handouts sa Seminar**

Benito, Nelia T. Abril 27, 1999. *Testing sa Wika at Literaturang Filipino*, Pambansang Seminar Workshop Departamento ng mga Wika ng Pilipinas CLA, De La Salle University, Manila.

### **Mga Kaugnay na Pag-aaral**

Agner, Soledad G. *Towards the Development of a Communicative Proficiency Test in Filipino for Finishing Students: A First Attempt Unpublished Doctoral Dissertation*, Philippine Normal University-Ateneo de Manila-De La Salle University Consortium, 1981.

Barit, Jesusa V. *The Development of Validation of an Affective Behavior for Elementary School Teachers, A First Approximation. Unpublished Doctoral Dissertation*, Philippine Normal University, 1991.

Conanan, Russel S. *A Combined Discrete-Point and Integrative Type of Test for Predicting Success in High School English. Unpublished Doctoral Dissertation*, Philippine Normal University-De La Salle-Ateneo de Manila University Consortium, 1985.

Depayso, Beverly K. *Sining ng Pagtatanong sa Pagsusulit sa Wika ng mga Guro sa Saint Louis University. Unpublished Master's Thesis*, Saint Louis University, 2012.

Edubalad, Madelyn E. *Construction and Validation of an Achievement Test in Communication Arts in English for the College of Education. Unpublished Master's Thesis*, Saint Paul University Tuguegarao, 1995.

Mayor, Amur M. *Ito ang Itinanim, Ano ang Inani: Isang Paggalugal sa mga Tiyak na Kasanayang Natamo ng mga Mag-aaral ng Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Unpublished Doctoral Dissertation*. University of Santo Tomas, 2011.

Pungtilan, Djoana. *Mga Kagamitang Panturo sa Paglinang ng mga Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat. Unpublished Master's Thesis*. Mariano Marcos State University, 2012.

Ranon, Gracia O. *A Language Proficiency Test in English for College Freshman Students. Unpublished Doctoral Dissertation*, Philippine Normal University, 1997.

Rodriguez, Dyna S. *Pagbuo at Balidasyon ng Kagamitan sa Pansariling Pagtataya Upang Masukat ang Komunikatibong Pangwika. Unpublished Master's Thesis*, Philippine Normal University, 1997.



Tabec, Sally P. Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay ng Mag-aaral sa Unang Taon ng Paaralan ng Edukasyong Pangguro. Unpublished Master's Thesis, Saint Louis University, 2012.